M11/2/A2PIL/HP1/TGL/TZ0/XX

22112049

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Wednesday 11 May 2011 (morning)
Mercredi 11 mai 2011 (matin)
Miércoles 11 de mayo de 2011 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.


© International Baccalaureate Organization 2011

https://xtremepape.rs/

*Piliin ang alinman sa Seksyon A **o** Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe, at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1**

### Payo Sa Bumabasa Ng Tula

Hindi nalalayo
Sa pagpangos ng mangga
Ang pagbasa ng tula.

Amuyin, sapulin sa kamay.
Ipalasap sa palad
Ang init at kinis ng balat.
Saka hubarin ang dilaw na katad
Na minsan may itim na pekas,
Parang matang ibig mangusap.

Huwag na huwag ngangatain.
Tubo at mangga'y magkaibang sining.

Tandaang laman ay parang laman,
Humihingi ng ingat, pagmamahal.
Turuan ang ngiping dumagan
Nang hindi mag-iwan ng sugat.
Unti-untiin ang pagsisiwalat

Sa buto…

Na namimintog, lumalapad –
Kutsilyong walang talas,
Pinatuyong sinag ng araw,
Usok-at-ulang nagsabato,
Garing[1] na di pa nakakatam,
Siksik na taguan ng yabong,
Lilim, at tatal[2].



https://xtremepape.rs/

Huwag mithiin ang asetikong[3] buto,
Ang puting ermitanyo,
Bago mapagdaanan ang mga ehersisyong
Karnal.
        Bayaang maganap
Tamis, pait, saklap
Sa isang panlasang wagas.

Huwag kainipan ang labo
Ng pisnging humuhulas[4].

Pagkatapos na makipagtapatan
Sa mga istasyon ng pagkalaman,
Kusang liliwanag
        ang sagradong buto –
Na simbigat ng katotohanan,
Singgaan ng pangarap at kalawakan.

Tula ni Rolando S. Tinio, *Katha* (1994)

---

1 Garing: kulay puti at matigas na materyal hango sa suwag ng elepante na ginagawang teklado ng piano o bola ng bilyar

2 tatal: maliliit na pira-piraso ng kahoy mula sa pagsibak, pagkatam, pag-ukit

3 asetiko: isang taong namumuhay nang simple o malayung-malayo sa kariwasaan at kasaganahan

4 humuhulas: nalulusaw, natutunaw, nagtutubig



https://xtremepape.rs/

**Teksto 2**

*Introduksiyon*: Ang sumusunod na sipi ay mula sa mahabang sanaysay na isinulat ni Danilo Francisco M. Reyes. Ang sanaysay ay isang artikulong pedagohiko para sa mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo na kumukuha ng kursong Panitikang Filipino. Kilala si Reyes bilang dalubhasang guro ng Panitikang Filipino at Ingles at nagsusulong ng popularisasyon ng panitikan at kritisismo sa mga kolehiyo at pamantasan. Isinulat ni Reyes ang sanaysay upang turuan ang mga mag-aaral ng estratehiya at pamamaraan sa pagbasa at pag-unawa ng teksto ng tula, sa paraan at wikang simple at higit na madaling maintindihan ng mga mag-aaral na walang gaanong kasanayan sa kritisismo at panitikan.

**Ang Eksplikasyon ng Teksto ng Tula**

Bukambibig ng mga kontemporanyong kritiko: Binabasa ng mambabasa ang teksto, ngunit binabasa rin ng teksto ang mambabasa. Madaling mailarawan at hindi maitatatwa na bilang mambabasa, wala talaga tayong ibang ginagawa kundi basahin ang tula. Ngunit talaga nga bang binabasa rin tayo ng tula?

Oo, binabasa rin tayo ng tula habang abala tayo sa pagbuo ng eksplikasyon sa teksto ng tula. Ang "kahulugan" na nabubuo natin sa pagbabasa ay laging katumbas lamang ng dami ng mga pampanitikang kumbensyon na nakikilala natin. Ang "interpretasyon" natin sa tula ay katumbas lamang ng lahat ng mga estratehiya ng pagbasa na kaya nating ilapat sa tula. Samakatuwid, binabasa tayo ng tula sa punto na tuwing gagawa tayo ng eksplikasyon, hindi lamang tayo bumubuo ng mahusay o palpak na paliwanag, kundi nalalantad din ang buong halayhay ng mga kagawian at kasanayan na naipon natin sa paulit-ulit na pagbabasa ng panitikan. Sa gayon, ang "husay" o "hina" ng pagpapakahulugan ay nakasalalay lamang sa kaangkupan at bisa ng mga estratehiya na kaya nating banggitin upang sumuporta sa ating eksplikasyon. Anu-ano ngayon ang mga estratehiyang ito? Maaari tayong bumanggit ng ilan:

- pagbuo ng dramatikong sitwasyon
- pakikiisa sa tauhan (*character identification*)
- pagbuo ng argumento at tesis ng tula
- pagsusuri sa denotasyon at konotasyon ng mga salita
- pagtukoy sa disenyo at mga padron na gumagabay sa tula
- malayang pag-uugnay (*free association*)
- pagpansin sa tono ng tagapagsalita
- pagsusuri sa mga imahen at talinghaga ng tula
- pagbuo ng mga abstraksyon na magsisilbing tema ng tula
- pagpansin sa isang punto de bista
- pagbuo ng mga literal at matalinghagang distinksyon
- pag-uugnay sa teksto at sa mga pansariling karanasan
- pag-uugnay sa teksto sa higit na malawak na mga aspekto ng kultura



https://xtremepape.rs/

Malinaw, kung gayon, na mag-iiba-iba ang eksplikasyon natin sa teksto ng iisang tula ayon sa pamilyaridad at kapalagayan natin sa iba't ibang kumbensyong pampanitikan at estratehiya ng pagbasa. Walang masama sa pagkakaiba-iba na maaaring maganap. Lalong walang masama kung magtalu-talo tayo sa pagtatatag ng higit na mainam o mahusay na eksplikasyon. Ang mahalaga, maliwanag tayong nagmamalay sa mga estratehiya na inaampon natin, at madali natin silang matukoy upang pagtibayin ang ating eksplikasyon. Itong pamilyaridad sa mga kumbensiyong pampanitikan at ang maliwanag na pagmamalay sa mga estratehiyang inaampon sa panahon ng pagbabasa ang angkop na pansinin, sanayin, at ituro nang mahusay sa ating mag-aaral.

Danilo Francisco M. Reyes, *Pantas Vol. VII, No. 2*



https://xtremepape.rs/

**SEKSYON B**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 3**

*Introduksiyon*: Ang siping ito ay bahagi ng naratibong sanaysay ni Ricardo Lee tungkol sa mga batang-kalye. Binubuo ang sanaysay ng mga interbyu sa mga bata na nagkukuwento kung paanong dahil sa di-mabuting kalagayan ng kanilang buhay-pamilya ay nauwi sila sa pagiging mga batang lansangan na namumuhay sa kahirapan at kawalang-pag-asa. Sa buong sanaysay ang kanilang kuwentong-buhay ay tuwiran lamang na inirerekord ng may-akda mula sa mismong salaysay ng mga tauhan.

**Mga Batang Lansangan: 1**

Roderick, 12, newsboy din at taga-igib ng tubig, guwapo kaya habulin ng mga babae sa restaurant. "Laging binubugbog ng tatay ang nanay kaya lumayas kami sa probinsiya." Diyes anyos si Roderick nang paluin ng tatay niya ng dos por dos sa pisngi ang nanay niya. Hinabol ni Roderick ng screwdriver ang tatay niya. "Buti na lang me dumating na pulis kung di napatay ko siya," ani Roderick. Itinapon ng tatay niya ang maleta nila sa ilog at pinalayas sila. Lipat sila sa Quiapo.

"Nagtinda kami ng lansones ng nanay." Di nagtagal ay may kinasamang ibang lalaki ang nanay niya, wala ring trabaho, nambubugbog din. "Ang pinagkakakitaan lang niya pangungutong," ibig sabihin binabayaran siya ng mga vendors na tinutulungan niyang mandaya sa suklian. "Inuubos lang niya sa syrup[1]."

May de bolpen na patalim ang asawa ng nanay niya. Saka dalawang beinte nuwebe[2]. "Ako, meron ding bente nuwebe, napulot ko sa basurahan. Kinakalawang na kaya binabad ko sa langis." Pero kinuha iyon ng nanay niya. "Lagi akong ginugulpi ng asawa ng nanay. Walang ginagawa ang nanay. Tapos minsan nagbigay ako ng numero sa nanay para sa jai alai, nanalo siya. Binigyan lang ako ng singkuwenta sentimos. Di ko mahal ang nanay ko."

Alas kuwatro ng umaga ang gising ni Roderick. Newsboy siya sa may UE[3] hanggang alas onse ng tanghali. Pag Linggo'y mabigat ang dala niya dahil "me mga magasin pero tinitiis ko dahil araw naman ng Diyos." Kinse hanggang beinte pesos ang kita niya. "Iniintrega ko sa nanay para pambili ng ulam." Tapos ay mag-iigib siya ng tubig para ibenta sa nagtitinda ng sago. Ang libreng panaho'y ninanakaw para sa lakwatsang kasama sina Jon-Jon.

Simple lang ang pangarap niya. "Newsboy hanggang 16, tapos cigarette vendor hanggang 19, tapos kargador na sa piyer."

Ricardo Lee, *Katha* (1994)

---

[1] syrup: cough syrup

[2] beinte nuwebe: mahaba at matalim na balisong o fan knife

[3] UE: University of the East, Recto, Maynila



https://xtremepape.rs/

**Teksto 4**

*Introduksiyon*: Ang talumpating ito ay sadyang isinulat para sa pagsasanay ng mga estudyante sa unang taon ng haiskul. Ipinamememorya at ipinabibigkas ito sa mga estudyante bilang bahagi ng kurikulum sa kasanayang pangkomunikasyon sa wikang Filipino at pagtatanim ng makabayang asal at pagpapahalaga sa kabataang Pilipino.

**Sa Kabataan**

– I –

Isa sa mga salitang napag-aralan natin sa wikang Pilipino ay ang salitang "nabansot". Kapag ang isang bagay raw ay dapat pang lumaki ngunit ito'y tumigil na sa paglaki, ang bagay na ito raw ay nabansot. Marami raw uri ng pagkabansot, ngunit ang pinakamalungkot na uri raw ay ang pagkabansot ng isipan, ng puso, at ng diwa. Ang panahon ng kabataan ay panahon ng paglaki, ngunit ang ating paglaki ay kailangang paglaki at pag-unlad ng ating buong katauhan, hindi lamang ng ating sukat at timbang. Kung ga-poste man ang ating taas at ga-pison man ang ating bigat, ngunit kung ang pag-iisip naman nati'y ga-kulisap lamang, kay pangit na kabansutan. Kung tumangkad man tayong tangkad-kawayan, at bumilog man tayong bilog-tapayan, ngunit kung tayo nama'y tulad ni Bondying[1] ay di mapagkatiwalaan – anong laking kakulangan. Kung magkakatawan tayong katawang Tarzan at mapatalas ang ating isipang sintalas ng kay Rizal, ngunit kung ang ating kalooban nama'y itim na duwende[2] ng kasamaan – anong kapinsalaan para sa kinabukasan.

– II –

Kinabukasan. Kabataan, tayo raw ang pag-asa ng Inang Bayan. Tayo raw ang maghahatid sa kanya sa langit ng kasaganaan at karangalan, o hihila sa kanya sa putik ng kahirapan at kahihiyan. Ang panahon ng pagkilos ay ngayon, hindi bukas, hindi sa isang taon. Araw-araw ay tumutuwid tayong palangit o bumabaluktot tayong paputik. Tamang-tama ang sabi ng ating mga ninunong kung ano raw ang kamihasnan ay siyang pagkakatandaan. Huwag nating akalaing makapagpapabaya tayo ng ating pag-aaral ngayon at sa araw ng bukas ay bigla tayong magiging mga dalubhasang magpapaunlad sa bayan. Huwag nating akalaing makapagdaraya tayo ngayon sa ating mga pagsusulit, makakukupit sa ating mga magulang at sa mahiwagang araw ng bukas makakaya nating balikatin ang mabibigat na suliranin ng ating bansa. Huwag nating akalaing makapaglulublob tayo ngayon sa kalaswaan at kahalayan, at sa mahiwagang araw ng bukas bigla tayong magiging ulirang mga magulang.

Kabataan, ang tunay na pag-ibig sa bayan, ang tunay na nasyonalismo, ay wala sa tamis ng pangarap, wala rin sa pagpag ng dila. Ang tunay na pag-ibig ay nasa pawis ng gawa.

Talumpati ni Onofre Pagsanghan, *Hasik* (1976)

---

[1] Bondying: sa kulturang popular, isang binata o matandang lalaki na ang isip at kilos ay yaon pa ring sa batang paslit

[2] duwende: sa alamat at mitolohiya ng mga Pilipino, mga maliliit na lamang-lupa na may kapangyarihang magdulot ng suwerte o matinding malas sa mga tao



https://xtremepape.rs/